


"PERO BAKIT BA GANITO ANG MUNDO NATIN?
BATANG KAY LINIS, WALANG BAHID NG KASAMAAN O KASAKIMAN...
DUDUMIHAN NG LIPUNAN...
NG PIGHATI, NG KALUNGKUTAN..."
IKAW 'YONG APO NG MAGBABASAHAN, ANO? 'YONG LASENGGO SA KABILA? LAYUAN MO ANG ANAK KO.
ANG MAHUSAY NA DAMIT AY SA MAHUSAY NA TAO. ANG BASAHA'Y SA MAGBABASAHAN!
ANG MATINO'Y SA KAPWA MATINO AT ANG SIRA AY SA SEKOPATIK MAGHANAP NG KAPWA!
NAKUHA MO NAMAN SIGURO ANG IBIG KONG SABIHIN.
HUWES VICENTE


DINAMDAM 'YON NI REX. NAGPASYA SIYANG UMALIS AT MAKIPAGSAPALARAN NA LANG DAW SA MAYNILA.
HINDI SIYA PINIGILAN NI TANDANG ISKO. ANI YA'Y PARA SA KANYA IYON.
"PARA MASUKAT NIYA'T MAKILALA KUNG SINO SIYANG TALAGA AT KUNG ANONG URI SIYA NG TAO..."
"TALAGANG ULOL ITONG SI ISKO!"
"TALAGANG WALANG MAIPAPAYONG MAINAM, ANO?"
"EH TALAGA NGANG SIRA ANG ULO!"
DALAWANG BESES KONG NAKITANG DUMALAW SI REX. SA UNA'Y NAKITA KO NA ANG PAGBABAGO NIYA...
"MAY TIGAS NA SA DIBDIB!" 'IKA NGA NI TANDANG ISKO.
NOONG PANGALAWA'Y LALO PA SIYANG NAGBAGO. AT PANSIN KONG PARA SIYANG BALISA...
NIYAKAP NIYA NANG MAHIGPIT SI TATANG, BAGO UMALIS.


ISANG ARAW AY NABALITAAN KO NA LANG NA WALA NA SI REX...
DAGLI KONG DINALAW SI TANDANG ISKO.
BINARIL DAW SI REX SA KALSADA. ANG SABI'Y SANGKOT DAW SIYA SA KALAKARAN NG DROGA SA MAYNILA...
PERO MAY ILANG BISITANG KAIBIGAN NI REX NA NAGSABING PINAMUMUNUAN NI REX ANG ISANG GRUPONG MAKABAYANG NAGTATAGUYOD NG TAMANG PALAKAD NG LABOR...
HINDI SIYA GANO'NG URI NG BATA. ALAM KO 'YON... HINDI NIYA 'YON MAGAGAWA... SANAY KAMING MAGUTOM. HINDI SIYA TAKOT SA GUTOM...
KAY RAMING KALUNGKUTAN SA BUHAY NG BATANG IYAN... PERO KAILANMAN...
KAILANMAN...
HINDI N'YA AKO SINISI.


"ANO ANG KASALANAN NIYANG NAGING MAHIRAP KAMI?"
"ANO'NG KASALANAN NIYANG LASENGGO AT BALIW ANG TANGI NIYANG MAGULANG?"
"BAKIT KAILANGANG PARUSAHAN SIYA NG LIPUNAN SA ANILA'Y MGA 'MALING BAGAY' NA AKO ANG GUMAWA?"
"SI REX...
AKO...
AT IBA PANG MGA 'BASAHAN' NG LIPUNAN..."
NOONG LIBING, WALANG UMIIYAK PARA SA NAMATAY...


NANG IPAPASOK NA SA NITSO SI REX, SI TANDANG ISKO AY MALAYO SA KAGULUHAN.
NAKATAYO SIYA SA GITNA NG MGA LILING LIGAW; NAKATINGIN SA KAWALAN...
HABANG ANG MGA PUTING BULAKLAK AY WARING MGA KALULUWANG LIGAW NA NAKIKIMING DUMIKIT SA KANYANG KATAUHAN.
MULA SA PREMYADONG MAIKLING KUWENTO NI JUN CRUZ REYES
INTERPRETASYON AT GUHIT NI ERIK PINGOL